



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Hulyo, 2024

Ipapadala ang mga Postkard sa Mga Rehistradong Botante para sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa San Diego County ay nagpadala ng higit sa 1.9 milyong mga postkard sa mga rehistradong botante ng County. Ang “BUMOTO! MAS MARAMING ARAW. MAS MARAMING PARAAN.” na mga postkard ay ipinapadala halos 100 araw bago ang eleksyon upang ipaalala sa mga botante ang kanilang mga opsyon sa pagboto para sa [Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre](#).

Ang bawat aktibong rehistradong botante ay awtomatikong makakatanggap ng balota sa koreo at magkakaroon ng tatlong opsyon para sa pagbabalik ng balotang iyon: sa pamamagitan ng koreo, sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro, o sa alinmang vote center. Maaasahan ng mga botante na matatanggap ang kanilang balota sa linggo ng Ika-6 ng Oktubre, na nagbibigay sa kanila ng halos isang buwan upang markahan ang kanilang balota at ibalik ito sa huling araw ng pagboto sa Ika-5 ng Nobyembre.

Ang mga eleksyon ay hindi na isang araw na kaganapan at hindi na kailangang maghintay hanggang sa huling araw para bumoto.

Maging handa. Dahil sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, maaaring magtagal kayo para makumpleto ang inyong balota.

Kung gusto ninyong bumoto nang personal at maiwasan ang mahabang pila, ang mga piling vote center ay mag-aalok ng maagang pagboto simula sa Sabado, Ika-26 ng Oktubre. Ang mga vote center ay bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Simula Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, mahigit 200 na mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-5 ng Nobyembre, kung saan ang lahat ng mga vote center ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Inaasahan ng opisina ng Tagapagrehistro ang pagbubukas ng 146 na opisyal na ballot drop box simula sa Ika-8 ng Oktubre. Isang listahan ng mga opisyal na ballot drop box at vote center ay magiging available sa Setyembre sa sdvote.com.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Hulyo, 2024

Ano ang kailangan ninyong gawin?

Maging handa sa pagboto!

- [I-check ang inyong impormasyon para sa rehistrasyon ng botante.](#) Tiyaking updated ang adres ng inyong tirahan, at kung mayroon kayong hiwalay na adres pangkoreo, suriin din iyon. Kung tama, walang karagdagang aksyon ang kinakailangan. Kung magkaiba, kailangan ninyong kumpletuhin ang isang bagong porma ng [rehistrasyon ng botante](#).
- Kayo ba ay kamakailang lumipat o pinalitan ang inyong pangalan? Kung bago man kayo sa County ng San Diego o kakalipat lang ng kalye, kailangan ninyong magparehistro muli para bumoto. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bagong rehistrasyon nang online sa [sdvote.com](#).
- Hindi rehistrado? [Magparehistro Para Makaboto](#) – Ito ay hindi tatagal ng dalawang minuto.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na pangkahalatan sa Nobyembre sa [sdvote.com](#), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101